

Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

# Panlipunang pangako ng mga lokal na opisyal para sa kapakanan ng mga kabataan ng lalawigan nilagdaan dito


BATINGAW

DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2009

"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"

Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


**nasa loob**


EDITORYAL 4

PIKTORYAL 7

Salamat Gob p 2

HELP column 2


Lumagda kamakailan si Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa isang Panlipunang Pangako ng pagsusulong ng pamahalaang nagpapatupad para sa kapakanan ng mga kabataan sa lalawigan ng Camarines Norte. Kasamang lumagda rito ang mga punong bayan ng Jose Panganiban, Paracale, Mercedes, Sta. Elena at Vinzons gayundin ang mga punong barangay at *duty bearers* ng mga barangay ng Osmeña, Parang at San Rafael ng bayan ng Jose Panganiban; Brgy. Ba-

(Sundan sa pahina 4)

# Gob. Typoco nagdiwang ng kaarawan kasama ang mga kaibigan at kababayan




*Ang selebrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ng kanyang kaarawan na ginanap sa Camarines Norte Agro Sports Center kung saan ito ay dinaluhan ng kanyang mga kaibigan, municipal at barangay officials mula sa iba't-ibang bayan dito sa lalawigan. Nagbigay ng isang special number ang special guest at abogado ng gobernador na si Atty. Romulo Makalintal, isang sikat na election lawyer dito sa Pilipinas. Nagbigay rin ng kanyang taos-pusong pasasalamat ang gobernador sa mga nakisaya sa kanyang kaarawan at nakasama sa natatanging na araw na ito.*

Dumagsa sa Kapitolyo Probinsyal ang mga taga-suporta ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. na nagtungo sa kanyang tanggapan at bumati sa kanyang kaarawan noong Mayo 13, 2009.

Personal ding nagpaabot ng pagbati sa gobernador ang isa sa kanyang malalapit na kaibigan na si dating Gobernador Raul Lee ng lalawigan ng Sorsogon. Bumati rin sa kanya ang mga matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan, mga punongbayan, konsehal, punong barangay, kagawad, at iba pang opisyal ng mga pamahalaang lokal dito.

Nagtungo rin sa kanyang tanggapan ang mga hepe at kawani ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan gayundin ang ilang pambansang ahensya at tanggapan dito sa Camarines Norte.

Kaugnay nito, nag-

(Sundan sa pahina 9)

# 7 paaralang elementarya sa CNorte benepisaryo ng LLK Project ng DepEd-GMAKF-UNICEF

Mapalad ang Camarines Norte na maging isa sa apat (4) na lalawigan sa bansa na benepisaryo ng *Linis-Lusog Kids (LLK) Project* ng *Department of Education (DepEd)*, GMA Kapuso *Foundation* at *United Nations Children's Fund (UNICEF)*. Ipatutupad din ito sa mga probinsya ng Sarangani, Antique at Negros Occidental.

Sa pitong (7) paaralang elementarya sa lalawigan na benepisaryo ng *LLK Project*, apat (4) ang mula sa bayan ng Vinzons - M. Guinto *Elementary School*, Sitio Mantabog, Brgy. Sto. Domingo; Juanita Balon *ES*, Sitio Mangcawayan, Brgy. Calangcawan Sur; Guinacutan *ES*, Brgy. Guinacutan; at Sto. Domingo *ES*, Brgy. Sto. Domingo, at tatlong (3) paaralang elementarya sa bayan ng Jose Panganiban na kinabibilangan ng Pag-Asa *ES*, Brgy. Pag-asa; Sta. Milagrosa *ES*, Brgy. Sta. Milagrosa, at Larap *ES* sa Brgy. Larap.

Kaugnay nito, itinaguyod ng *UNICEF* ang *division level training on health promotion and sustainability campaign on LLK Project* na isinagawa noong Mayo 14, 2009 sa *DepEd Conference Hall*, Daet, Camarines Norte.

Layunin nito na maipabatid sa mga kalahok ang mga *DepEd policies and programmes* ukol sa *health and hygiene education*, bigyan sila ng kasanayan ukol sa mga panuntunan sa implementasyon ng *LLK Project* at sanayin sila sa paggawa ng *advocacy* at *resource generation campaign*.

Naging *resource speakers* dito sina Dr. Richell Corilla, *DepEd Central HNC*; Ms. Teresita Felipe, *UNICEF* Manila, at; Ms. Merlie Asprer, *Head Global Task Force, Dental Health, DepEd Central Office*.

Kabilang sa mga lumahok sa naturang pagsasanay ang *head* ng *health and nutrition unit (HNU)* ng *DepEd Division Office* na si Dr. Felix Moreno.

Sa pangunguna ni *Schools Division Superintendent (SDS)* Elizabeth P. Palo, dumalo rin ang iba pang opisyal ng *DepEd Camarines Norte Division Office* tulad ng *health and nutrition staff* nito gayundin ang mga kinauukulang *school heads, PTCA president/representative*, apat (4) na guro sa bawa't *recipient school*, at; *public schools district supervisor* ng Vinzons *District* at Jose Panganiban *West District* na mga *recipient districts.*

Ang unang bahagi ng programa nito ay tinampukan ng pagpapakilala ni Ramon Avila, *PhD, Mathematics Division Supervisor/CFSS Coordinator* sa mga kalahok at paglalahad ng obheto ng *LLK Project*, at ang *welcome message* ni *SDS* Palo.

Tinalakay sa naturang pagsasanay ang mga sumusunod na paksa: *Session 1 - DepEd policies and directions for school-based oral health and hygiene (background rationale of the essential health care package/ components/policy directions); Session 2 - The LLK implementing progress and guidelines (use of the IEC materials/ toothbrushing time/use of other supplies– nail clippers, water jug, toilet cleaners/outcome indicators and final report); Session 3 – Monitoring and Evaluation-Learning from the Fit for School Experience (forms and reports/ evaluating results)*, at; *Session 4 – Conducting Sustainability Campaign (roles and responsibilities/ strategies/campaign materials).*

Matapos ang mga pagtalakay, binuo ng grupo ang programa para sa paglulunsad at pag*turn-over* ng *LLK Project* sa mga kaukulang paaralan kasama na ang mga paghahanda at talaan ng mga kalahok.

Sinundan ito ng pagbisita ng grupo ng *DepEd, GMAKF* at *UNICEF* sa Pag-Asa *ES* sa Jose Panganiban *West District*, at M. Guinto *ES* sa Vinzons *District*. Ang *target date* sa paglulunsad ng *LLK project* dito ay sa Hulyo 1, 2009 sa M. Guinto *ES*.

Tinanggap din ng bawa't *recipient school* ang mga sumusunod: 110 pirasong sabong pampaligo, 6 na pirasong *24 liter-heavy duty pail*, 4 pirasong *water jugs*, 220 pirasong *kiddie toothbrush*, 20 pirasong *nail cutter*, 36 pirasong *poly paste toothpaste*, 6 pcs. *rectangular nylon brush*, 4 pirasong *posters*, at 10 pirasong *CDs* ukol sa wastong paghuhugas ng kamay at pagsisipilyo ng mga ngipin.

Inaasahan din na sa darating na buwan ng Hunyo at Hulyo ay maitu*-turnover* na sa Pag-asa *ES* sa Jose Panganiban ang *deepwell drilling, water connection/tank* at *toilet facility improvement*. Ito ay pangungunahan ng mga opisyal ng *Dep-Ed, GMAKF* at *UNICEF* kasama sina Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at mga kinauukulang punong bayan, punong barangay, at *PTCA president/ representative*.

Bilang karagdagan, layunin ng *LLK Project* na maturuan ang mga kabataang Pilipino ng mga *life-saving health practices* katulad ng madalas at wastong paghuhugas ng kamay at pagsisipilyo ng mga ngipin, at iba pang alternatibong pamalit sa sabon, *toothbrush* at *toothpaste*. Inaasahan na sa pamamagitan ng proyekto ay mababawasan ang insidente ng pagkakasakit dahil sa *dental caries*, at *diarrhea* na kung minsan ay nagiging sanhi ng kamatayan ng mga kabataan.

Base sa mga estadistika, ang *diarrhea* ang ikatlong pangunahing sanhi ng pagkakasakit sa hanay ng mga kabataan at ika-apat na nangungunang dahilan ng pagkamatay ng mga kabataan na may edad na mababa sa limang (5) taon. Ito rin ang tinatayang sanhi ng 12% o halos 10,000 insidente ng pagkamatay bawa't taon. ***LT IBASCO***

NATIONAL CENTER FOR
MISSING & EXPLOITED CHILDREN
STOP NOW
STOP TRAFFICKING OF PEOPLE

## Salamat Gob HELP column

**Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| May | 4 | Malou Oryate of Brgy. San Roque, Mercedes for scholarship requirements | P500.00 |
| | | Daniel Achare of Brgy. Camambugan, Daet for transportation fare | 500.00 |
| | | Estanislao M. Villaraza, Jr. Of United Pentecostal Church (Phils.) Inc. Brgy Anahaw, Labo for Summer Camp | 1,000.00 |
| | 11 | Joben Villagracia of Brgy. 1, Daet and assistant coach of San Roque Warriors for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Ma.Zandra Estrella of Brgy. Borabod, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Adrian Villacrusis of P-4, Brgy. IV, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Marcial Nagera of Brgy. Alawihao, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Rosalyn Verano for a screening test | 500.00 |
| | | Marites E. Reynante of Brgy. Pag-asa, J. Panganiban for rental of sound system | 1,000.00 |
| | 18 | Michael T. Borje of Brgy. Borabod, Daet and assistant coach of D Electricutioners Team for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Manuel P. Casiano of San Roque de Sampaloc Parish for PREX Seminar | 500.00 |
| | | Kevin O. Calinawan of P-2, Brgy. Camamabugan, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Arvin Labrador of Brgy. Borabod, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Arnold Ilan of St. John the Baptist Parish for the holding of Formation of Altar Servers at the Holy Trinity College | 1,000.00 |
| | | Marnel Panotes of Vinzons ND Team Captain of RTB Team for a basketball tournament | 500.00 |
| | 22 | Kgd. Ronald Asutilla of Brgy. Apuao, Mercedes for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Ronilo de Vera of G.S.O. for the rental of a service vehicle for the funeral of his aunt | 500.00 |
| | | **TOTAL** | **P10,000.00** |

# Kampanya ng CECAP laban sa cervical cancer

## sinusuportahan ng pamahalaang panlalawigan

Dumating noong Mayo 27, 2009 sa *Provincial Capitol* ang mga siklistang kasali sa *Tour of Hope (Southern Luzon)* na inorganisa ng *Cervical Cancer Prevention (CECAP) Network of the Philippines*. Ang grupo ay nagbisikleta lamang simula sa Muntinlupa City, dumaan dito sa Camarines Norte at saka nagtungo sa Naga City, Camarines Sur.

Kaugnay nito, isinagawa ng *CECAP* sa *Provincial Capitol main lobby* ang isang *forum on cervical cancer awareness* na dinaluhan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan. Tinampukan ito ng mga paksang *What Every Woman Should Know About Cervical Cancer* at *Look Good, Feel Good* na tinalakay nina *Dr. Grace Chan* ng *CECAP* at Ms. Abbygale Arenas-de Leon, *image consultant* ng *Personi-Fi*.

Una rito, ipinalabas ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ang Memorandum Blg. 090526-02 na nag-aatas sa lahat na mga hepe at kawani ng pamahalaang panlalawigan na dumalo sa naturang *forum*. Nakapaloob din dito ang direktiba kay *Provincial Health Officer Dr.* Arnulfo G. Salagoste na magtalaga ng *medical doctor* na tutulong sa mga siklista sa kanilang ruta mula sa *Provincial Capitol* hanggang sa Bahi *Bridge* sa bahagi ng *Bicol National Park*.

Sa unang bahagi ng programa, ipinahayag nina Bokal Jonah G. Pimentel at Bokal Teresita DL. Malubay ang kanilang suporta sa pambansang kampanya ng *CECAP* na masugpo ang paglaganap *ng cervical cancer* at mailigtas ang buhay ng mga kababaehang Pilipino.

Para sa kaalaman ng lahat, isiniwalat ni Dr. Chan na sa buong mundo, sa bawa't dalawang (2) minuto ay isang babae ang namamatay dahil sa *cervical cancer*. Ipinahayag din niya na sa bawa't 3 kababaehang Pilipinong natukoy na nagtataglay nito, isa (1) ang namamatay sa loob ng isang (1) taon. Idinagdag nito na sa bawa't 4 na kababaehang Pilipinong may naturang karamdaman, 3 ang namamatay sa loob ng limang (5) taon.

Ipinahayag din ng doktor na ang ikalawang karaniwang uri ng kanser na labis na nakaaapekto sa mga kababaehan ay ang *cervical cancer* na 2[nd] *highest killer* din. Ito ay sanhi ng mga impeksyon samantalang ang *breast cancer* naman ay karaniwang namamana. Dahil dito, maaari itong maiwasan at magamot kung sa madaling panahon ay matutukoy kaagad na mayroong naturang sakit ang isang indibidwal.

Ayon kay Dr. Chan, ang isang babae ay matutukoy na may *pre-cancer cells* ó *cervical cancer* sa pamamagitan ng *pap smear* at ang tinatawag na *Single Visit Approach (SVA)*. Binigyang-diin din niya na maiiwasan ang pagkakaroon ng naturang karamdaman sa pamamagitan ng *healthy lifestyle* at *HPV vaccination*.

Sinundan ito ng pagbabahagi ni Ms. de Leon ng kanyang personal na buhay bilang isang anak, asawa at ina. Ipinahayag niya na sinusuportahan niya ang mga pagkilos ng *CECAP* sapagkat katulad ng lahat na mga kababaehan, nais niyang makasama nang matagal ang kanyang asawa at anak at mabigyan sila nang lubos na pagmamahal at atensyon. Sinabi rin ni Arenas na aktibo siyang nakikiisa sa pagpapalaganap ng *awareness program on cervical cancer* sa layuning maisalba ang buhay ng mga kababaehan.

Ayon sa kanya, ang mga kababaehan ay maituturing na *superwomen* dahil kahit nagtatrabaho ay ginagampanan pa rin nila ang mga gawaing bahay tulad ng pagluluto, paglilinis, at iba pa. Sila rin ay mga guro na tumutulong sa paggawa ng mga proyekto at takdang-aralin ng kanilang mga anak. Hinuhubog din nila ang kanilang mga supling na maging maka-Diyos at makatao.

(Sundan sa pahina 6)



*Ang Tour of Hope ng Cervical Cancer Prevention (CECAP) Network of the Philippines na dumaan at nagsagawa ng isang information campaign ukol sa cervical cancer prevention dito sa kapitolyo ng lalawigan na kalahok ang ilang sikat na personalidad tulad nina Abegail Arenas de Leon at ang may-ari ng David Salon at iba pa.*

# Mga paligsahan tampok sa RBOs' National Forum

## *ilang delegado ng 4-H Club Cams. Norte nanalo*

Ginanap noong Mayo 18-21, 2009 sa Tagbilaran City, Bohol ang *National Forum of Rural-Based Organizations (RBOs)*, isang pagtitipon ng mga organisadong samahan ng mga kabataan, magsasaka at kababaihan mula sa iba't-ibang panig ng bansa. Ang tema ng naturang okasyon ay: *"RBO's Affirming Commitment to Sustainable Development"*.

Ito ay dinaluhan ng mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na sina Gng. Irene J. Olivar, *Provincial 4H Coordinator* at Gng. Erlinda G. Sañez, *Provincial P4MP Coordinator* na mula sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.

Nagbigay ng *keynote message* sa nasabing gawain si *Secretary* Arthur C. Yap ng *Department of Agriculture (DA)* kung saan binigyang-diin nito na dapat palakasin ang mga *rural-based organizations (RBOs)* at hikayatin ang mga ito na isulong ang *organic agriculture*. Binanggit din ni *Sec.* Yap ang mahahalagang katangian ng bagong programa ng pamahalaang nasyonal na kilala sa tawag na *FIELDS* na ang kahulugan ay ***F**ertilizer, **I**rrigation, **E**xtension **L**oan, **D**ryers **S**eeds.*

Ipinahayag naman ni *Director* Asterio Saliot ng *Agricultural Training Institute (ATI)* na mayroong *scholarship program* para sa mga kabataang mag-i-*enroll* sa mga kursong pang-agrikultura at pampangisdaan *(fisheries)* karagdagan pa rito ang mga *scholarship grants* para sa mga empleyado ng mga *agriculturist offices*.

Isang *magkakasabay na gawain* din ang tinampukan ng pagtalakay sa iba't-ibang paksa ukol sa *Environmental Protection and Laws, Wellness and Healthy Lifestyle* para sa *P4MP* at *Rural Improvement Club (RIC)* at ang karagdagang gawaing *cooking* at *handicraft demo* para sa *Rural Im-*

(Sundan sa pahina 8)



***Ang Bicol delegates na pinangungunahan ni Gng. Nancy Salvino DA-RFU V Pili, Cams. Sur (nasa likod) sa National Rural Based Organizations(RBOs) Forum na ginanap sa Bohol Tropics Tagbilaran City, Bohol noong Mayo 18-21, 2009.***




# EDITORYAL

## Nakapanghihinayang na mga Oportunidad

Ang Camarines Norte ay naging kilala na sa matatamis na pinya hindi lamang sa Rehiyong Bikol, maging sa ating bansa ó sa labas man nito tulad ng Korea, Japan, China, Taiwan, Hongkong at sa Estados Unidos. Nagkaroon na rin ng *trial shipment* nito sa Europa. Maliban dito, may mga Pilipinong nagdadala nito sa Middle East, at kanila namang hinahanap-hanap ito.

Nguni't lahat ng pagsisikap upang maipagpatuloy ito, mas mapalawak at mas maiayos ang mga produkto upang matugunan ang *quota* at kalidad ng produkto na kailangan sa *export market* ay mababale-wala kung mananatili ang ugaling-Pinoy na may "*instant*" ó "*quick fix mentality*" kung saan, walang tiyaga, mahilig magmadali upang maging pera agad kahit na isakripisyo pa ang kalidad ng kanilang produkto. Andiyang gumamit sila ng *ethryl* upang makapagpabulaklak kaagad ng wala sa tamang gulang ang tanim, o di kaya naman ay tuturukan nito upang mas mapabilis at sabay-sabay na dumilaw ang prutas. Resulta – maasim ang kanilang pinya, pikit pa ang mata at mabilis itong mabulok na sanhi upang ang nagtitinda nito ay mabulukan na ikinalulugi nito, dahilan upang hindi na nito tangkiliking muli ang produktong pinya.

Nangyari na ito noong una nang ang Pilipinas ay nag-*boom* sa *exportation* ng *nata de coco* sa Japan upang gawing *chips* na sa una ay maganda ang kalidad subali't bandang huli ay sinalaula rin ng mga Pilipinong *producer* ang kanilang produkto. Ngayon, wala na nito rito.

Hangga't hindi tayo natututo sa ating pagkakamali, hangga't di natin binabago ang ating ugaling "biglang-pera", lahat ng pagsusumikap ng ating pamahalaan upang mapaunlad ang kalagayan ng bawa't Pilipino ay mababale-wala at hindi tayo makakabangon sa kahirapang ating kinasasadlakan. Kailan pa kaya natin maaasahan ang pagbabago sa ating mga sarili?


## Panlipunang pangako ...

(*Mula sa pahina 1*)
gumbayan, Batobalani at Palanas ng bayan ng Paracale; Brgy. III at San Roque ng Mercedes; Brgy. San Lorenzo ng Sta. Elena, at Brgy. Calangcawan Norte ng bayan ng Vinzons.

Ang naturang paglagda ang pinakatampok na aktibidad sa *Advocacy Dialogue and Commitment Setting* para sa pagpapatatag ng mga institusyon sa mga disparity barangays ng *Sixth Country Programme for Children (CPC 6)*. Ito ay ginanap noong Abril 24, 2009 sa *Golden Pa-*

(*Sundan sa pahina 5*)














BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN
PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

*Pinangunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang paglagda sa panlipunang pangako ukol sa pagsusulong ng mga lokal na pamahalaang nagpapatupad para sa kapakanan ng mga bata kaugnay ng 6th Country Program for Children ng UNICEF at pamahalaang panlalawigan at iba pang lokal na pamahalaan. Lumagda rin dito ang ilang opisyal mula sa kinauukulang LGUs, Barangays at DepEd officials .*

# Panlipunang pangako ng mga lokal na opisyal...

(Mula sa pahina 4)
*lace Restaurant*, Daet, Camarines Norte.

Nilalaman ng pangako ang patuloy na pagpapatupad ng mga nakasaad na programa, proyekto at gawain sa *Local Development Plan (LDP)* kung saan ang karapatan ng mga kabataan ay itataguyod katuwang ang pamahalaang nasyonal at lahat ng antas ng lokal na pamahalaan ng lalawigan. Isinasaad din sa pangako na pagagalawin at gagawing aktibong katuwang ng lokal na pamahalaan ang mga kaukulang *Local Councils for the Protection of Children (LCPCs); School Board, Health Board, Disaster Coordinating Councils,* at iba pang lokal na konseho tungo sa pagsulong ng mga programa at proyektong pambata.

Nakapaloob din sa pangako na pagtitibayin ang kakayahan ng mga sanggunian sa pagmumukna ng mga lokal na batas para sa mga kabataan katulad ng *Local Code for Children*; patuloy na pagbabalangkas ng *Local Development and Investmnet Plan (LDIP)* kung saan nakapaloob ang programang magsusulong sa mga karapatang pambata, at; patuloy na pagsusulit ukol sa mga naisasagawang proyekto rito sa pamamagitan ng *Local State of the Children Report*.

Pinangunahan nina Mayor William S. Lim at Vice Mayor Jocelyn Grace 'Jing' Arriola-Calimlim ang paglagda para sa bayan ng Jose Panganiban kasama sina PB Salvador S. Tabirao ng Bryg. Osmeña, PB Romeo V. Asis ng Brgy. Parang, at PB Manuel C. Zamora ng San Rafael. Ang bayan ng Paracale ay pinangunahan naman nina Mayor Romeo Moreno at Vice Mayor Adonis Salen kasama sina PB Salvador T. Heraldo ng Brgy. Bagumbayan, Kgd. Ludy Velasco na kumatawan kay PB Jesus H. Enova ng Batobalani, at *Brgy. Secretary* Crispina Zaballas na kinatawan ni PB Nestor Manarang ng Palanas. Nanguna naman sa paglagda si Vice Mayor Brenda King Salalima para sa bayan ng Mercedes na siyang kumatawan kay Mayor Pepito P. Lo. Kasama niyang lumagda sina PB Pepe R. King ng Brgy. III at PB Ricardo Riel, Jr. ng Brgy. San Roque.

Ipinakita naman ng bayan ng Sta. Elena ang buong suporta nito ng dumating at lumagda sa nasabing pangako sina Mayor Dominador G. Mendoza at Vice Mayor Rolan Roxas, ang kanilang *municipal planning and development coordinator (MPDC)* na si Bimbo Doria gayundin si Kgd. Andres Nahum na kumatawan kay PB Lauro M. Jalique ng Brgy. San Lorenzo. Sa bayan ng Vinzons ay kumatawan si *MPDC* Rosalino M. Juan kasama si PB Evelyn C. Tolentino ng Brgy. Calangcawan Norte.

Sa mensahe namang ipinaabot ni Gobernador Typoco, binigyang-diin niya na ang isa sa pangunahing programa na pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaang panlalawigan ay para sa kapakanan ng mga kabataan. Patunay rito ang patuloy na pagtataguyod nito sa *Child-Friendly Movement (CFM)* sa pakikipagtulungan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*. Inaasahan na sa pamamagitan ng pinagsama-samang programa at proyekto ng mga pamahalaang lokal ay makakamit ang adhikain na mapunan ang mga kakulangan sa mga serbisyong pangkalusugan at pang-edukasyon. Kasama na rito ang pagbibigay-proteksyon sa mga kabataan sa lalawigan lalo na iyong mga nasa tinatawag na *disparity barangays*.

Bago ang naturang paglagda, una nang inilahad ng mga punong barangay ng nabanggit na 10 *disparity areas* ang kani-kanilang *Barangay Development Plan*. Halos lahat ng barangay ay magkakapareho ang problema sa programang pang-edukasyon, patubig at sanitasyon *(water and sanitation)*, kalusugan at nutrisyon *(health and nutrition)*, pabahay *(housing)*, hanapbuhay o pinagkakakitaan, at iba pa. Dahilan ito sa kakulangan sa mga serbisyong nakararating sa kanila. Kaya't ang tugon sa kanila ng mga punong bayan ay bigyang-prayoridad nila sa kanilang *annual development plan (ADP)* ang mga proyekto para sa mga kabataan at isagawa ang mga proyektong nakapaloob dito. Pinayuhan din sila ng mga punong bayan na ihain sa kanilang tanggapan ang mga *ADP* para mapag-aralan, at matulungang mahanapan ng pondo kung kinakailangan, at paghanap ng iba pang mapagkukunan ng pondo para sa mga proyekto tulad ng mga *foreign sources*. Ayon pa sa kanila, mabisang *tool* ang mga resulta ng *CBMS* para gawing basehan sa paggawa ng mga *project proposals* na siyang ilalapit sa ibang ahensya para mabigyan ng kaukulang pondo. Sa kabuuan ng pangako ng mga punong bayan, isang daang (100%) bahagdan anila ang kanilang suporta sa mga *disparity barangays*.

Ayon naman kay *Vice Mayor* Calimlim ng Jose Panganiban, hindi lahat ng sagot sa problema ay pera o pondo, may mga pagkakataon din na kailangang makipag*tie-up* lamang sa mga kaukulang ahensya ó *non-government organizations (NGOs)* para matugunan ang ibang problema sa barangay katulad ng *unemployment,* at iba pa.

Pangkalahatang nangasiwa sa programa ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular na siyang nagpaliwanag ng sitwasyon ng kababaehan at kabataan dito sa lalawigan. Ang *rationale/overview* naman ng programa ay tinalakay ni Gng. Elena B. Austria, *assistant provincial planning and development coordinator*. Si Sangguniang Panlalawigan Kagawad Teresita dL. Malubay na *chairperson, committee on women and children* ang nagbigay ng *welcome address* at *opening remarks*, at si Mr. Robin Mercado, *DILG provincial director* ang nagbigay naman ng *closing remarks*. ***Marilyn P. Asis***

# Training on CBMS Module II isinagawa ng CBMSINCT
## *sa pamamagitan ng SRTC; 33 dumalo, 14 mula sa CNorte*

Sa pamamagitan ng *Statistical Research and Training Center (SRTC)*, nagsagawa ng pagsasanay ang *Community-Based Management System International Network Coordinating Team (CBMSINCT)* ukol sa *CBMS Module II: Data Encoding and Map Digitizing* noong Mayo 5-7, 2009. Ginanap ito sa *SRTC Conference Room* sa Manila at dinaluhan ng mga kinauukulang kinatawan mula sa mga lalawigan at bayan na nagsasagawa ng *CBMS* sa kani-kanilang hurisdiksyon.

Layunin ng nabanggit na pagsasanay na kumprehensibong maituro ang wastong pag-*encode* ng mga datos na nakalap mula sa *accomplished questionnaires* na kanilang na-*survey*. Kasama rin dito ang tamang paraan sa pag-*digitize* ng mapa para mailagay sa eksaktong lokasyon kasama ang mga pasilidad at iba pang imprastraktura na meron sa isang barangay.

Ang mga ito ay magagamit sa pagsasagawa ng mga plano, programa at proyekto sa isang partikular na barangay ó lugar. Magsisilbing giya rin ito para makabuo ng mga plano para sa pagpapatupad ng mga proyekto na tama at angkop sa pangangailangan ng mga tao.

Saklaw ng naturang *survey* ang mga sumusunod na sektor: *demography, health and nutrition, education and literacy, income, housing, labor force and employment,* at *peace and order.*

Dito sa lalawigan ng Camarines Norte, nakatakdang magsagawa ng *CBMS survey* para sa ikatlong pagkakataon ang ilang bayan dito tulad ng Labo, Sta. Elena, at San Lorenzo Ruiz. Ang mga bayan naman ng Basud, Daet, Talisay, at Vinzons ay magsasagawa ng katulad na survey sa ikalawang pagkakataon.

Maraming dumalo sa naturang pagsasanay na umabot sa tatlumpu't tatlong (33) kalahok mula sa iba't-ibang lalawigan. Ito ay ang sumusunod: *Eastern* Samar – 5; *Southern* Leyte – 5; Leyte - 2; Puerto Princesa – 4; Biliran - 2; *Northern* Samar -1; at sa Camarines Norte – 14 na kinabibilangan ng tatlong kawani ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na sina: Marife I. Napao, Amalia I Cañamero, at Marilyn P. Asis.

Sunod na isasagawa ang *CBMS Module III: Processing of Encoded Data and Building of the CBMS Database* ngayong buwan ng Hunyo. Ang magiging *output* dito ay ang mismong mga datos at mapa na magagamit na basehan sa ilalagay na proyekto. ***M. P. ASIS***

# Pagtanggap ng aplikasyon sa PGSP

## para sa SY 2009-2010 magpapatuloy hanggang sa Mayo 6

Sinimulan na kamakailan ng Pamahalaang Panlalawigan ang pagtanggap ng mga aplikasyon ng mga kabataang nais maging iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* para sa taong paaralan 2009-2010. Ito ay sa pamamagitan ng *Community Affairs Office (CAO)* na pinamumunuan ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas bilang *PGSP program officer*.

Ang mga kwalipikadong mag-aplay rito ay ang mga nagtapos ngayong taong pampaaralan 2008-2009 ó noong Marso-Abril 2009 mula sa mga pribado at pampublikong paaralang sekondarya/hayskul sa lalawigan. Maaari ring magsumite ng aplikasyon ang mga matagal nang nakapagtapos ng hayskul ngunit hindi pa nakapag-aaral sa kolehiyo dahil sa problemang pinansyal at/o iba pang kadahilanan. Ang pagtanggap ng aplikasyon ay simula Abril 1 hanggang Mayo 6, 2009.

Ang naturang programang pang-edukasyon ay patuloy na ipinatutupad ng administrasyon ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning matulungan ang mga mahihirap ngunit matatalinong kabataan dito na makapagtapos ng kolehiyo.

Sa kabuuan, umabot sa 191 estudyante ang nag-aplay sa *PGSP* kung saan sila ay nagsumite ng mga kaukulang dokumento sa *CAO* tulad ng *application letter* na naka-*address* kay Gob. Typoco, Jr. bilang *PGSP Committee Chairman*.

Maliban dito, gumugol din sila ng panahon sa pagkuha ng *certificate of good moral character* mula sa pinuno ng paaralan ó *guidance counselor* kung saan nagtapos ng hayskul; orihinal at *machine copy* ng kanilang *report card* kung saan ang *general average* ay dapat na 85% at pataas. Nagsumite rin sila ng *BIR Income Tax Return (ITR)* na nagpapatunay na ang taunang kita ng kanilang pamilya ay hindi lagpas sa P100,000.00 alinsunod sa itinatakda ng *PGSP*. Dahil dito, ang mga magulang na walang permanenteng hanapbuhay at hindi nagsusumite ng taunang kita ay tumubos ng sertipikasyon sa barangay na sila ay mga *indigent* na isinumite rin nila sa *BIR Daet* na nag-isyu ng kaukulang sertipikasyon. Nagsumite rin ng 2 kopya ng *1x1* pinakahuling kuhang larawan nila, *certificate of residency* at *barangay clearance* na inisyu ng kinauukulang Punong Barangay, at sedula ng aplikante gayundin ang 1 *long folder* na may *fastener* na pinaglagyan ng mga nabanggit na dokumento.

Kaugnay nito, umabot lamang sa 178 aplikante ang kumuha ng *PGSP written examination* na isinagawa noong Mayo 12 sa *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)*. Sa nabanggit na bilang, 35 ang napili sa unang bahagi ng pagsusulit at pumasa rin sa ikalawang bahagi ng eksaminasyon na *essay/interview* na isinagawa noong Mayo 15, 2009 sa CAO. Ang *written examination* ay katumbas ng 75% at ang *interview* naman ay katumbas ng 25% o may kabuuang 100%.

Ang mga mapapalad na nakapasa sa pamantayan na mahigpit at pantay-pantay na ipinatutupad ng *PGSP* ay maaari lamang mag-aral sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad sa bansa. Sila ay tatanggap ng tulong-pinansyal na P5,000.00 bawa't semestre kung saan ang P3,000.00 nito ay nakalaan para sa kanilang *tuition fee reimbursement* at P2,000.00 bilang *allowance*. Kung ang *tuition fee* na babayaran nila ay lalagpas sa P5,000.00, ang kakulangan ay kanilang pupunan sapagkat P5,000.00 lamang ang pondong nakalaan para sa bawa't iskolar ng pamahalaang panlalawigan.

Pinapayuhan din silang mag-aral na mabuti sapagkat hindi permanente ang estado ng kanilang pagiging iskolar. Awtomatiko silang matatanggal sa PGSP sa sandaling makakuha sila ng markang mas mababa sa 85%. Ngunit ang mga iskolar nito na kumukuha ng alinmang *engineering courses* ay pinapayagan ng programa na panatilihin ang markang 80% at pataas dahil sa kaselanan ng naturang kurso.


Ang *PGSP* ay ipinatutupad alinsunod sa mga pamantayang nakasaad sa *Provincial Ordinance No. 2002-08 as amended*. Layunin nito na mas mahimok ang mga iskolar nito na mas pagbutihin ang pag-aaral upang makapagtapos na may karangalan katulad ng 9 na iskolar nito na nagtapos ngayong Abril 2009. ***LT IBASCO***

# Good Practices...

*(Mula sa pahina 9)*

ó nagdaragdag sa ilang probisyon ng *RA 9208* upang mas mapadali ang pagpapatupad nito; ang pagkakapasa ng Sangguniang Panlalawigan *Resolution No. 474-2008* na humihiling kay Gob. Typoco sa pagbubuo ng *Provincial Inter-agency Council Against Trafficking –Violence Against Women and their Children (PIACAT-VAWC)* na pawang iminukna at pinangunahan ni Bokal Pamela Pardo-Pujalte at mga kasamahan nito.

Bilang karagdagan, kaugnay ng pagpapaigting sa kampanya laban sa *child trafficking*, nagpapalabas taon-taon si Gob. Typoco ng *executive order* na nag-aatas sa lahat na ahensya, magpa-lokal man ó nasyonal na nakabase sa lalawigan, kabilang na ang mga iba pang establisimyentong pampribado at mga *faith-based* at socio-sibikong samahan, kabilang na ang *academe* para sa pagdiriwang ng *International Day Against Child Trafficking (IDACT)*, na sinusunsugan naman ng DILG sa pamamagitan ni PD Robin Mercado na nagpapalabas ng *memo-circular* sa lahat ng LGU pangmunisipyo man ó pangbarangay, ganundin ang *DOLE* sa pamamagitan ni *PD* Ruben Romanillos na inaatasan ang mga hotels, restaurants, at iba pang pampribadong establisimyento para sa pagsasabit ng mga estrimer para sa naturang okasyon. ***LT IBASCO***



***Ang isinagawang qualifying examinations para sa Provincial Government Scholarship Program (PGSP) na isinagawa sa provincial library na pinangasiwaan ng Community Affairs Office sa pangunguna ng Community Affairs Officer IV—Purita P. Briñas at kanyang staff.***

# Kampanya ng CECAP laban sa cervical cancer...

*(Mula sa pahina 3)*

Bilang ina, nagsisilbi rin silang tagapamagitan at tagapamayapa para maayos ang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga anak. Maliban dito, tumutulong din sila sa pagsubaybay at pagdisiplina sa kanilang mga anak para maging mga produktibong mamamayan sa hinaharap.

Bilang karagdagan, ang *CECAP* ay isang samahan na binuo ng *University of the Philippines-Philippine General Hospital (UP-PGH) Cancer Institute* upang pangunahan ang mga pagkilos para mailigtas ang mga kababaehang Pilipina mula sa nakamamatay na sakit na *cervical cancer*. Ito ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't-ibang angkop na pambansang kampanya at programa kabilang na ang *Tour of Hope*.

Matatandaan din na noong nakalipas na taong 2008, isinagawa ang *Tour of Hope (Northern Luzon)* kung saan ang naturang grupo ay nagbisikleta simula Vigan hanggang Subic. Ang isa sa mga *pilot areas* ng *CECAP* ay ang distrito ng Muntinlupa *City* sa pangu-nguna ni *Congressman* RAffy Biazon. **LT IBASCO**

# Mga piling larawan






1



2

*1) Nagbibigay ng kanyang mensahe si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa isinagawang Advocacy Dialogue & Commitment Setting na isinagawa sa Golden Palace Restaurant; 2) Ang blessing at ribbon-cutting ng DWAT na pinangunahan ng may-ari nito na si Ex-Governor Raul Lee ng Sorsogon katuwang si Atty. Romulo Macalintal, Gov. Jesus O. Typoco, Jr., Ex-Mayor Eming Panotes at Fr. Don Corre; 3 & 4) Ang ilan sa mga bumati sa kaarawan ni Gob . Jesus O. Typoco, Jr. sa kanyang tanggapan tulad nina Atty. Romulo Makalintal, Eming Panotes, Atty. Jose T. Atienza, Ms. Reby Jardin-Cuaño, Ex-Officio Bong Avila at marami pang iba; 5) Pinasumpa naman ni Atty Jose T. Atienza, provincial legal officer, ang mga bagong board of directors ng CNGWMPC na sina Engr. Eden Borja, Olfi Zabala, Teresa Lamadrid at Erlinda Sañez na ginanap sa tanggapan ni Gobernador Jesus O. Tyopoco, Jr.; 6) Ang Basketball Clinic na isinagawa ng pamahalaang panlalawigan para sa mga kabataan sa pangunguna ng provincial sports office na pinamumunuan ni G. Jose Reniva, katuwang ang Lions Club of Daet na pinangungunahan naman ni Daet Lions President Jose Rene Ruidera at dating CN PNP Provincial Director Efren Yebra. Kasama rin dito bilang kinatawan ni Gob. Typoco, Jr. si Dr. Napoleon Malaluan at nagbibigay naman ng kanyang mensahe ang basketball instructor na si Rommel Daep.*

3



4





5



6



*G. Abel C. Icatlo*
*Chief, MASCD-GO*

# Showcase of talents ng mga nagtapos sa 2009 summer workshops isinagawa

Maayos na naisagawa ng tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division* at sa pakikipagtulungan ng *Central Plaza Mall, Jollibee, La Consolacion College, Camarines Norte State College, Group of Theater Arts Students from Bicol University (College of Arts and Letters)* at ng *Camarines Norte Visual Artist Association* (CANVASS) na may natatanging partisipasyon ni Engr. Benigno E. Elevado. Ito ay isinagawa noong ika-22 ng Mayo 2009 ganap na ika-2:00 ng hapon sa *Central Plaza Mall Atrium*, Daet, Camarines Norte.

Tinampukan ito ng mga kalahok sa *Guitar* (25 na kalahok), *Folkdance* (52 na kalahok), *Flute* (31 na kalahok), *Acrylic and Oil Painting* (82 na kalahok), *Theater Arts* (90 na kalahok), at *Charcoal Painting* (55 na kalahok).

Sa unang bahagi ay nagkaroon ng maikling palatuntunan na agad nasundan ng *showcase proper* ng mga kalahok sa mga nabanggit na gawain. Nagkaroon din ng mga pampasiglang bilang sina Hanae Lei Ramirez at Ronaly Jalimao, mga SPES ng GO-MASCD at ang pinakahuli ay ang *awarding of Certificates* at *Merits* sa mga kalahok at ganon din sa mga *Facilitators*.


Ang ikalawang bahagi ay ang pagbubukas ng *Visual Arts Exhibit* (May 22-31, 2009). Nagkaroon ng *ribbon cutting* na kung saan tampok ang mga *paintings* ng mga kalahok sa *Acrylic and Oil Painting*, at *Charcoal Painting*, ganon din ang mga *paintings* na gawa ng *Camarines Norte Visual Artists Association (CANVASS)*.

Si G. Abel C. Icatlo, *Museum Curator* ang nagsilbing *master of ceremony* sa nabanggit na gawain.
***AIDA B. PANDEAGUA***










***Ang showcase of talents kaugnay ng 2009 Summer Workshops na isinagawa sa Atrium ng Central Plaza Mall na itinampok ang mga kabataang lumahok sa iba't-ibang pagsasanay ukol sa sining tulad ng guitar, painting, theater arts at flute na isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pangunguna ng Museum Archives Shrine and Curation Division na pinamumunuan ni Abel C. Icatlo. Ang Summer workshops na ito ay isang annual event na isinasagawa ng pamahalaang panlalawigan upang maging kapakipakinabang ang bakasyon ng mga kabataan dito sa lalawigan.***

# Mga paligsahan tampok sa RBO's...

***(Mula sa pahina 3)***
*provement Club (RIC)*.

Ang mga kabataang opisyal at miyembro ng *4H Clubs* mula sa 15 rehiyon sa Pilipinas ay dumalo sa isang talakayan na nakasentro sa paksang " *Environmental Protection: A Challenge to the Youth, Making Leaders Happen*". Sumali rin sila sa mga *demo contests* na isinagawa kung saan nanalo ang ilang kabataang delegado ng Camarines Norte.

Naiuwi ni Archie A. Ellama ng Brgy. Sto. Domingo, Vinzons ang unang puwesto sa *4H Quiz* at P3,000.00 gantimpala. Ang ikalawang puwesto at premyong P2,000.00 para sa kategoryang *Rice -Based Technology Demo* ay napanalunan naman ni Rose Ann S. Alejo ng Brgy. Daguit, Labo na tinanghal ding *4-H Princess 2nd runner up*. Nasungkit ni Jerric C. Freyra ng Brgy. Bibirao, Daet ang ikatlong puwesto para sa *Identification Contest* gayundin ang gantimpalang P1,000.00. Nakuha naman ni Raymar M. Corporal ng Brgy. Poblacion

***(Sundan sa pahina 9)***


1


2

1)Si Raymar M. Corporal ng Pob.2, Basud habang idinedemo ang kanyang "special veggie salad" na nanalo ng ika-anim na puwesto sa national level

2) Si Jerric Freyra kasama ang kapwa delegado sa "*identification contest*" kung saan nakuha niya ang pangatlong puwesto sa national level sa ginanap na National RBOs Forum sa Bohol Tropics Tagbilaran City, Bohol

# Good Practices ng CNorte...

(Mula sa pahina 10)

Cambodia sa pagpupulong ng *Asia ACTs* na kinabibilangan ng Pilipinas, Indonesia, Laos, *Cambodia, Vietnam, Thailand* at *Myanmar (Burma)*.

Sa pamumuno ni *Team Leader* Mayette Macapagal, ang grupo ay nagsagawa ng interbyu at *field visits* sa mga pambansang ahensya, *non-government organizations (NGOs)* at *stakeholders* na aktibong tumutulong sa implementasyon ng mga programa at kampanya kontra sa *child trafficking*.

Ang naturang grupo ay malugod na tinanggap ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning maipabatid sa mga kinauukulan na tinutupad ng pamahalaang panlalawigan ang tungkulin at responsibilidad nito na nakapaloob sa *Sec. 19 Roles and Responsibilities of Local Government Units* ng *Implementing Rules and Regulations* ng *Republic Act 9208* na mas kilala bilang *"Anti-Trafficking in Persons Act of 2003"*.

Matatandaan na ang lalawigan ng Camarines Norte ay kabilang sa tatlong *entries* na nangunguna sa *good practices on anti-child trafficking* mula sa sampung (10) kalahok sa buong bansa na una nang i-sinumite sa *PACT*. Ito ay dahil sa masugid na pagkilos at pakikipagugnayan ni Ms. Purita P. Briñas sa mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaan at pribadong sektor na tumutulong para protektahan ang mga kabataan laban sa trapiking. Si Ms. Briñas ay ang *Community Affairs Officer IV* ng pamahalaang panlalawigan at siya rin ang nakatalagang *PACT deputy secretary* para sa *National Campaign Council* at *regional convenor for Luzon*.

Ilan sa mga *good practices* dito ay ang mas pinatibay at pinalawak na ugnayan ng mga tagapagsulong ng mga kampanya, programa at proyekto kontra sa *child trafficking* lalo na ang pagbibigay ng tulong at proteksyon sa mga kabataang nabiktima. Kabilang dito ang *media advocacy forum on RA 9208* at *Philippine Human Rights Standards (PHRS) Guidelines* para sa mga mamamahayag, opisyal ng barangay, at *PACT members* na naging daan sa paglagda nila sa isang *manifesto* na sumusuporta sa pagpasa ng Sangguniang Panlalawigan (SP) sa resolusyon na humihiling sa agarang *adoption* ng *Philippine Human Rights Standards (PHRS) Guidelines* ng mga miyembro ng *Inter-Agency Council Against Trafficking (IACAT)* na pinamumunuan ng *Department of Justice (DOJ)*.

Isinasagawa rin dito ang mga patimpalak tulad ng *poster-making, slogan, essay writing*, at *oratorical contests* na nakatuon sa *RA 9208* na isinasagawa ng mga *NGOs* dito tulad ng *Soroptimist International, Kiwanis Club of Reina Daeteña, Daet Lions Club, Kiwanis Club*, at iba pang mga samahan, gayundin ang patimpalak sa produksyon ng *radio teasers* sa *anti-child traffic-king campaign* para sa regular na *radio plugging* sa mga lokal na *radio stations* sa lalawigan. Ito ay kaugnay sa pakikisa ng mga ito sa selebrasyon ng *International Day Against Child Trafficking* tuwing ika-12 ng Disyembre ng bawa't taon.

Si Ms. Briñas din ang tumulong sa pagsasagawa ng *draft resolutions* na inisponsoran nina Bokal Pamela Pardo-Pujalte at ang kanyang *counterpart* na si *Boy Board Member* Limuel V. Panol. Ito ay ang *SP Resolution No. 564-2008* na humihiling sa *adoption* sa Camarines Norte ng *PHRS Guidelines for the Protection of the Trafficked Child*, at; *SP Resolution No. 540-2008* na humihiling sa Korte Suprema na italaga ang *Regional Trial Court Branch 40* bilang eksklusibo lamang para sa *family court cases*. Ang naturang mga resolusyon ay parehong inaprobahan noong Disyembre 19, 2008.

Una nang naipasa kaugnay sa kampanya sa pangangalaga sa mga kabataan laban sa *child trafficking* ang *Provincial Ordinance No.* 10-2008 para sa regulasyon sa pagtatatag at operasyon ng mga *internet cafés, computer rental shops/computer gaming shops or centers* dito sa lalawigan; ang pagkakatatag ng *Provincial Regulatory Board* kaugnay ng nasabing ordinansa sa pamamagitan ng *Executive Order No. 2008-28* na pinalabas ni Gob. Typoco, Jr.; ang *Provincial Ordinance No. 04-2009* na nagpapalalim, naglilinaw

(Sundan sa pahina 6)

# SPES 2009, tulong...

(Mula sa pahina 10)

*(school year)* 2009-2010 sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho sa mga mag-aaral tuwing bakasyon.

Ngayong taon, 158 na mga mag-aaral ang nagsumite ng aplikasyon, at mula sa bilang na ito ay 65 ang nakapasa sa pagsusulit na ibinigay ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*.

Ang mga nakapasang ito ay dumaan naman sa *final screening* kung saan sa kabuuan ay 50 ang napili. Sa nabanggit na bilang, 38 ang mga baguhan na magtatrabaho sa loob ng 29 *working days* ayon sa *guidelines* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* at 12 sa kanila ang mga dati ng nagtrabaho noong nakaraang taon o tinatawag na *SPES babies* na magtatrabaho naman ng 30 araw *(working days)*.

Sila ay tatanggap ng suweldong P215.00 kada araw at ang 40% o P86.00 ay sagot o babayaran ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* sa pamamagitan ng *Education Voucher* na natatanggap isang buwan pagkatapos ng trabaho bilang *SPES* at ng 60% o P129.00 ay babayaran naman ng Pamahalaang Panlalawigan.

Ang mga *SPES recipients* ay itinalaga sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para doon magtrabaho. Sila ay nasa superbisyon ng mga *chief of offce* ng mga kaukulang panlalawigang tanggapan kung saan sila nakalaga sa panahon ng kanilang pagtatrabaho. Opisyal na nagsimula ang trabaho noong Abril 23 at magtatapos sa Mayo 21, 2009 yong mga baguhan. Ang mga *SPES babies* naman ay matatapos sa Hunyo 4, 2009.

Taun-taong isinasagawa ang *SPES* bilang pagtalima at suporta sa *Republic Act 7323* na naglalayong matulungan ang mga mahihirap subalit magagaling na mag-aaral na makapagpatuloy ng kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng kikitain nila sa pagtatrabaho bilang *SPES recipients*.

Ang *PPDO* na pinamumunuan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *PPDC*, ang pangkalahatang nangangasiwa ng programa sa pamamagitan ng *staff* nito sa si Ms. Nida Navarro-Tosoc, *Statistician III* at siyang nakatalaga ngayon na *PESO Manager* ng lalawigan. **- *MARILYN P. ASIS***

# Gob. Typoco nagdiwang...

(Mula sa pahina 1)

handa ng libreng pananghalian ang gobernador sa lahat na mga panauhin at bumati sa kanyang kaarawan partikular na ang mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan.

Isinagawa naman kinagabihan ang pinakatampok na selebrasyon ng kanyang kaarawan kung saan naging panauhin ni Gob. Typoco, Jr. si Atty. Romulo Macalintal, isa sa mga batikang abogado sa bansa.

Isang masaganang salu-salo ang inihandog ng gobernador sa kanyang mga panauhin na mas pinasigla ng mga awiting tinugtog ng bandang *Union After Six*.

Dumalo sa pagdiriwang ang mga matataas na opisyal ng mga pamahalaang lokal sa lalawigan tulad nina Labo Mayor Wenifredo B. Oco ganundin ang dating Kongresista Renato 'Jojo' Unico, Jr. Nakiisa rin ang ilang opisyal ng bayan ng Daet gayundin ang ilang punong barangay at kagawad mula sa iba't-ibang barangay ng Daet. ***LT IBASCO***

# Mga paligsahan...

(Mula sa pahina 8)

II, Basud ang ika-anim na puwesto sa *Vegetable Salad Cooking Demo*. Sila rin ay pawang tumanggap ng kaukulang *plaque of recognition*.

Ang *4H Bicol delegation* ay pinangunahan ni Gng. Nancy Salvino ng *Department of Agriculture, Regional Field Unit* sa Rehiyon 5 kasama ang mga kinauukulang *Provincial 4H Coordinators* mula sa mga lalawigan ng Albay, Camarines Norte, Camarines Sur at Sorsogon. Nakiisa rin sa naturang okasyon si *National 4H Club Federation President* Allan Vega ng Brgy. Gubat, Daet, Camarines Norte gayundin ang *Municipal Farm Youth Development Program Coordinators* ng Labo, Vinzons at Basud. ***MELINDA L. JEREZ***

# Pagaduan at delos Santos ng PGSP...

(Mula sa pahina 10)

2009 kung saan 5 ang mula sa Mabini Colleges (MC); 18 sa *Camarines Norte State College (CNSC)* at tig-isa sa *La Consolacion College of Daet (LCCD)* at *Bicol University (BU)*.

Sa 5 iskolar na nagtapos sa *MC*, 4 ang nakapag-uwi ng mga karangalang pang-akademiko. Nanguna rito sina Daryll S. Pagaduan at Christine E. delos Santos na tinanghal na *magna cum laude* nang magtapos ng kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA)* at *Bachelor of Science in Commerce Major in Financial Management*, ayon sa pagkakasunod. Sina Mark Jonas S. Carreon at Francisco Besinio naman na parehong kumuha ng kursong *BSA* ay nagtapos bilang mga *cum laude*.

Ang sumusunod ang pitong (7) iskolar ng *PGSP* na kumuha ng iba't-ibang kurso mula sa *CNSC* na nagtapos bilang mga *cum laude*:: May P. Ramos - BSA; Rosielyn V. Abrera - *Bachelor of Science in Education (BSE) Major in Biological Sciences*; Rose Ann R. Gonzales - *BSE Major in Mathematics*; Syra S. Narido at Rechilda D. Torero - *Bachelor of Elementary Education (BEEd)*; at Evelyn A. Villarta at Laarni M. Laraya – *Bachelor of Science in Information Technology (BSIT)*. Kasama nilang nagtapos ang may 11 pang iskolar ng *PGSP*.

Kaugnay nito, sila ay pinagkalooban ng kaukulang gawad pagkilala ng pamahalaang panlalawigan na nilagdaan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. bilang *PGSP committee chairman* gayundin ni Ms. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV* bilang *PGSP Program Officer*. ***LT IBASCO***

# SPES 2009, tulong sa mahihirap na mag-aaral



Arch. Madonna Abular
*Prov'l Planning. & Devt. Officer*

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 11 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

Muling nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ng pagpili sa mga kwalipikadong mag-aaral para maging *recipient* ng *Special Program for the Employment of the Students (SPES)* ngayong taong 2009.

Layunin nito na patuloy na matulungan ang mga mahihirap subalit magagaling na mga mag-aaral dito sa Camarines Norte para maipagpatuloy ang pag-aaral ngayong pasukan para sa taong paaralan

*(Sundan sa pahina 9)*

# Good practices ng CNorte


## sa *anti-child trafficking campaign* ihahayag sa Cambodia sa pagpupulong ng Asia ACTs na kinabibilangan ng Indonesia, Thailand, Laos, Burma, Vietnam, Cambodia at Pilipinas.



PURITA P. BRIÑAS
CAO IV/ PACT CONVENOR
FOR LUZON

Nagtungo kamakailan sa lalawigan ng Camarines Norte ang *consultancy team* na kinuha ng *Philippines Against Child Trafficking (PACT)* para magsagawa ng balidasyon at dokumentasyon sa mga katangi-tanging pagkilos *(good practices)* ng mga pamahalaang lokal dito sa pagsugpo sa *child trafficking,* kung saan ang naging resulta nito ay ihahayag sa

*(Sundan sa pahina 9)*


2009

[TAKING THE CENTER STAGE
IN CAMARINES NORTE]

Good Practice on Raising Awareness against
Child Trafficking in the Philippines

PACT
PHILIPPINES • AGAINST • CHILD • TRAFFICKING

terre des hommes
International Federation

ASIA ACTS

# Pagaduan at delos Santos ng PGSP magna cum laude,

## 9 pang iskolar ng PGSP cum laude sa SY 2008-09



DARYLL S. PAGADUAN



CHRISTINE E. DELOS SANTOS

Umaabot sa may 25 iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* ang nagtapos ng kolehiyo noong Abril

*(Sundan sa pahina 9)*



MARK JONAS S. CARREON



ROSE ANN R. GONZALES



EVELYN A. VILLARTA



ROSIELYN V. ABRERA



FRANCISCO BESINIO



LAARNI M. LARAYA



MAY P. RAMOS



SYRA S. NARIDO



RECHILDA D. TORRERO